MALACAÑAN PALACE
MANILA

MENSAHE

Binabati ko ang buong sambayanang Filipino sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa**.

Mahigit isang taon na mula nang tayo ay nangako ng tunay at makabuluhang pagbabago. Marami na tayong pinagdaanang mga pagsubok bilang isang bansa at nalampasan nating lahat ang mga iyon dahil sa pagtutulungan. Malaki ang papel na ginagampanan ng Wikang Pambansa upang mapanatili ang pagkakaisang ito. Tayo ay pinagbubuklod ng wikang Filipino at kumikilos nang sama-sama upang makamit ang kapayapaan, kaunlaran at kasaganaan sa ating lipunan.

Ikinagagalak ko na ang tema para sa taong ito, "Filipino: Wikang Mapagbago," ay naaangkop sa ating hangaring maitaguyod ang mga repormang higit na makapagpapatatag sa bansang Filipinas. Mahaba na ang ating nilakbay at nakikita na rin natin ang bunga ng ating pagsisikap. Hindi tayo titigil sa labang ito.

Dahil sa ating wika at sa kulturang pinangangalagaan natin, mas nakikilala sa buong mundo ang ating pagka-Filipino. Patuloy tayong maghanap ng paraan upang maisakatuparan ang mga layuning babago sa kalidad ng ating buhay at sa kasalukuyang estado ng ating bayan.

Muli, maligayang Buwan ng Wikang Pambansa sa inyong lahat!

RODRIGO ROA DUTERTE

MAYNILA
Agosto 2017

THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES